

KAHALAGAHAN NG JOURNALISM SA PAGBUO NG KRITIKAL NA PAG-IISIP

by:

Ronalyn C. Clavel

Teacher III, Magsaysay National High School

Ang campus journalism ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon sa mga paaralan na nagsisilbing plataporma para sa pagpapahayag ng mga ideya, opinyon, at impormasyon. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataon na magsanay ng mga kasanayan sa pagsusulat, pamumuno, at pagbabalita na magiging kapaki-pakinabang sa kanilang hinaharap. Sa mga paaralan, ang campus journalism ay hindi lamang isang aktibidad, kundi isang mabisang instrumento para sa pagpapalaganap ng mga isyu at pangyayari na may kinalaman sa komunidad ng paaralan at pati na rin sa lipunan.

Ayon kay Dela Cruz (2021), ang campus journalism ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pagsusulat ng mga artikulo at balita, natututo silang mag-analisa at magtanong ng mga mahahalagang isyu sa kanilang paligid. Hindi lamang sila naging tagapag-ulat, kundi nagiging bahagi sila ng solusyon sa mga problemang kinakaharap ng kanilang komunidad.

Isa sa mga pinakamahalagang layunin ng campus journalism ay ang pagpapalaganap ng tama at makatarungang impormasyon. Ang mga campus journalists ay may malaking tungkulin sa pagbabalita at pagsusuri ng mga isyu sa kanilang paaralan, tulad ng mga aktibidad ng estudyante, mga patakaran ng paaralan, at iba pang pangyayari na may epekto sa buong komunidad. Ang kanilang mga ulat ay nagsisilbing gabay sa iba pang mag-aaral, guro, at mga magulang upang maging handa sa mga kaganapan at mga pagbabago sa paaralan.

Gayunpaman, hindi maiiwasan na may mga hamon sa campus journalism. Isa na rito ang kakulangan sa sapat na pondo at mga kagamitan upang makapag-produce ng de-kalidad na pahayagan at mga materyales. Maraming mga paaralan, lalo na ang mga pampubliko, ang nahihirapan sa pagkuha ng mga gamit tulad ng mga computer, printer, at iba pang kagamitan sa pagsusulat. Dahil dito, nahihirapan ang mga campus journalists na matutukan ang paggawa ng mga artikulo na may mataas na kalidad. Bagamat may mga paaralan na naglalaan ng pondo para dito, hindi pa rin ito sapat upang matugunan ang lahat ng pangangailangan.

Isa pang hamon na kinakaharap ng campus journalism ay ang pagkakaroon ng limitadong oras at resources para sa pagsasanay ng mga estudyante. Maraming mga mag-aaral na nagsasagawa ng campus journalism ay kinakailangang magsanay sa mga oras na labas sa kanilang regular na klase, na nagiging sanhi ng pagka-burnout at kakulangan sa kalidad ng kanilang gawa. Ang mga guro at tagapayo ng mga school paper ay may malaking papel sa pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan sa pagsusulat at pamamahala, kaya't mahalaga ang pagkakaroon ng mga regular na workshops at mentorship para sa mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga hamon, may mga solusyon na maaaring magpabuti sa campus journalism sa mga paaralan. Ang pagsasama ng makabagong teknolohiya sa paggawa ng mga school publication ay isang hakbang tungo sa mas epektibong campus journalism. Ang paggamit ng online platforms para sa mga school paper at mga social media channels ay maaaring magbigay ng mas malawak na audience para sa mga artikulo at balita. Mas magiging madali rin ang pag-access ng mga mag-aaral sa mga impormasyon, kaya't magiging mas interaktibo at mas mabilis ang pagkalat ng balita.

Ang campus journalism ay hindi lamang isang paraan ng pagpapahayag kundi isang mabisang kasangkapan sa paghubog ng mga mag-aaral na may malasakit sa kanilang komunidad. Sa pamamagitan ng pagiging mga campus journalist, natututo ang mga mag-aaral ng mga kasanayan sa komunikasyon, pamamahala, at pagpapahayag ng

opinyon na magiging mahalaga sa kanilang mga karera at buhay bilang mamamayan. Ang kanilang mga artikulo ay nagsisilbing boses ng kabataan at may kakayahang magbigay ng mga solusyon sa mga isyung kinakaharap ng paaralan at ng lipunan.

Ang campus journalism ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon na nakatutok hindi lamang sa pagpapalaganap ng impormasyon kundi sa paghubog ng responsableng mamamayan. Kung magkakaroon ng sapat na suporta mula sa mga paaralan, guro, at pamahalaan, tiyak na mas lalo pang uunlad ang campus journalism at magiging mas matagumpay sa pagpapahayag ng mga isyu na may kinalaman sa kabataan at komunidad.

References:

Dela Cruz, J. (2021). Campus journalism: Pagpapalaganap ng kritikal na pag-iisip at responsableng pag-uulat. *Filipino Journal of Education*, 15(3), 45-56.